





pamumuhay ang wika na nagsisilbing daluyan ng kanilang natatanging kultura. Tulad ng maraming pangkat sa mundo, ang pagkawala ng identidad at pagkabaon sa limot ay malimit nilang kinatatakutan. Mainam, kung gayon, na balikan at tuklasin ang uri ng kaibhan at pagkakaipareho ng kanilang mga wikain upang maisatitik ito.

Marami-rami na ring pag-aaral ang isinasagawa ukol sa mga grupong ito ngunit ang pag-isahing pag-aralan ang ukol sa baryasyon ng kanilang mga wika ay hindi pa halos natatalakay o nababasa sa mga nakasulat. Mahalaga ang ganitong paksa upang magamit na basehan sa pagkakatulad at pagkakaipareho ng mga tribung ito. Gayundin ang mapangalagaan ang kanilang mga terminong kultural at tradisyong pinaniniwalaan na maaaring makatulong din sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Bilang bahagi ng mamamayang Pilipino, ang mailarawan ang kahalagahan ng kanilang mga wikain (bilang repositoryo) ay isang hakbang upang makilala at lalong mapahalagahan ang kanilang etnikong pangkat. Magsisilbi rin itong hanguan ng mayamang karanasan, kultura at kasaysayan ng bansa lalo na ng mga **Bagobo-Tagabawa, Bagobo-Giangan at Obo-Manobo** ng Lungsod Davao.

### **Paglalahad ng Suliranin**

Nilalayon ng pag-aaral na alamin ang leksikal na varyasyon sa mga wikaing Bagobo na Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo ng Lungsod Davao na nakapokus sa dimensyong heyograpikal. Upang matamo ang mga layuning ito, sinikap ng mananaliksik na masagot ang mga tiyak na katanungan: (1) Ano-ano ang mga pagkakakilanlan ng mga wikaing Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo ng Lungsod Davao ukol sa varyasyong leksikal nito? (2) Paano nakakaapekto ang heyograpikong kanilang kinabibilangan sa pagkakaroon ng mga varyasyong leksikal na ito? (3) Anong linggwistikal na katangiang ang makikita sa mga wikaing Bagobo-Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo na may kagnayan o kaibahan sa wikang Filipino batay sa leksikon?

### **Ang Varayti at Varyasyon ng Wika**

Komplikado at malawak ang usaping varayti at varyasyon ng isang wika. Nagsimula itong pagtuunan ng pansin ng mga dalubwika noong ika-18 siglo bilang isang pag-aaral sa larang ng sosyolinggwistika (Cobbet binanggit sa Williams 1992).







### **Ang Etnikong Grupong Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo**

Maraming nagsasabi na halos magkakapareho ang tatlong grupo na ito lalo na sa kanilang wikang ginagamit. Sa tingin ng bawat pangkat na ito, magkakaiba sila kaya sa Lungsod Davao. Itinuturing sila na may sari-sariling mga tradisyon, paniniwala at lalo na sa wika. Ayon sa pag-aaral nina Dubois & Dubois (2006) ng *Summer Institute of Linguistics*:

The Tagabawa language belongs to the Manobo subfamily of Philippine languages. The Tagabawa people refers themselves as Bagobo, a designation also applied to and used by speakers of Guiangan (Jangan or Dyangan), a different language not belonging to the Manobo subfamily.

Maaaring tama ang nagawang pag-analisa sa kanilang wika sa bawat grupo ayon sa isinagawang pag-aaral ng mga eksperto. Gayunpaman, hindi rin mapapasubaliang para sa mga tagapagsalita ng mga wikang ito, hindi sila magkakatulad mula wika hanggang sa kulturang kinagisnan at paniniwala. Dagdag pa nina Dubois & Dubois (2006), pinapalagay na iisa lamang

Ang salitang Davao ay tinatawag noon bilang *Davoh* ng mga orihinal na Obo, *Duhwow* naman ng mga Giangan at *Dabu* ng mga Tagabawa. Patunay ito na ang tatlong grupo ay may malalim na ugnayan mula pa noon hanggang nakabuo ng kanya-kanyang pamayanan sa lungsod kung saan sila nananahan sa kasalukuyan. Dala-dala ang kanilang identidad at sariling mga wikain. Nagkaroon sila ng kanya-kanyang lugar at komunidad sa Lungsod Davao. Dito rin nagpapakilala ng kanilang teritoryo kasama na rin ng kanilang mga kultura. Ang impluwensya ng lugar kung saan sila makikita ay nagdudulot ng pagbabago sa kani-kanilang mga wika at nagpapakilala sa kung anong grupo ang kanilang tinataglay. Nagkakaroon ng distingsyon at pagkilala ang mga ito partikular sa mga grupong Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo.

Ang mga **Tagabawa** ay mga Bagobo na naninirahan sa bahaging Toril ng Lungsod Davao. Sa Poblasyon ng Davao, naging hangganan ng teritoryo ng mga Bagobo ang Davao Ilog, at sa unahang bahagi ay makikita naman ang mga Giangans at Atas. Sa kasalukuyan ay mahirap nang mataya ang akmang populasyon bunsod ng karamihan sa kanila ay naasimila na sa grupong bisaya.

Ang pangalang Bagobo sa konsepto ng mga taga-Lungsod Davao ay **mula sa timog** mga tribung Giangan at Obo-Manobo (Manuvu) ngunit sa kasalukuyan, ang pangalang Bagobo ay malawakang ginamit. Orihinal na tinutukoy nito ang mga Bagobo na kinilala ng mga Kastila noon na nanggaling sa sentro ng Santa Cruz at sa mga kalapit na lugar. Ito ang mga **Tagabawa**.

Ang mga **Giangan** naman ay may maliit lamang na teritoryong nasasakupan mula Catalunan hanggang Calinan ng Lungsod Davao. Kilala rin sila sa tawag na *Klata*, *Guangan*, *Guiangan*, *Gulangan*, *Diangan*, at *Jangan* na may kahulugang *Forest Dweller*. **Attow** naman ang tawag sa kanilan ng mga Manuvu at **Eto** naman ang tawag ng mga Tagabawa sa kanila. Naging hangganan ng Tagabawa at Giangan ang Lipadas



literatura, ang mito ukol sa unang babae at lalaki ay nagmula sa kulturang Giangan. Si Tuglay bilang unang lalaking Bagobo ay is



**Talahanayan 1.** Mga salitang magkakaiba ang anyo o termino sa bawat dayalekto ngunit pareho lamang ang kahulugan

Giangan

Obo-Manobo

Salig EMC / P / MC

Ang mga salitang ito ay batay sa resulta ng isinagawang interbyu gamit ang listahan ng mga salita na inihanda. Mapapansing naiiba ang anyo ng mga salita sa bawat termino. Maaaring sabihing halos hindi magkakalapit ang mga tunog at salita sa mga kultural na terminong ginagamit ng bawat grupo. Sa klasipikasyon ng pandiwa, makikitang nagkakaiba-iba ang mga terminong ginagamit ng bawat grupo tulad ng salitang *higa* sa Filipino na may katumbas bilang **meela**, **dagga** at **iloaggâ**. Sa pang-uri tulad ng salitang **tappe**, **karaan** at **tapoay** ay may katumbas sa Filipino na salitang *luma*. Sa pangngalan naman tulad ng salitang **angnga**, **bata**, at **anak**, may pakahulugang *anak* sa salitang filipino. Iilan lamang ito sa mga halimbawang salita ngunit mapapansing may mga salitang hiram na kanilang ginagamit tulad ng **karaan**, **bata** at **uli** sa wikang Tagabawa at ang salitang **anak** naman ng mga Obo na maaring parehong hiniram sa wikang Cebuano.







**Talahanayan 3.** \*Eqpvøf0+

|              |                |                |               |
|--------------|----------------|----------------|---------------|
| <b>leywo</b> | <b>mabbaba</b> | <b>mabbava</b> | <i>maliit</i> |
|--------------|----------------|----------------|---------------|

Ang Obo-Manobo ay pinaniniwalaang ibang tribu kaya hindi kauri ng mga Bagobo. Mula sa datos, makikitang halos magkasintulad sila sa leksikal na bahagi ng dayalektong Tagabawa. Patunay rito ang mga salitang *mingkó* at *mingkô*, at **ama**, **masin** at **ma-assin**, **ina** at **ina**, **penek** at **penek**, at **Lullo** at **lollô** na naiiba lamang sa punto ng pagbigkas na maari namang walang makabuluhang pagkakaiba.

Mapapansin rin sa Tagabawa at Obo na nagkakapalitan sila sa paggamit ng ponemang /d/ at /r/ tulad ng mga salitang **odan** at **uran**, **madat** at **marat**, at **ari** at **adi** na kapareho ang tuntunin sa wikang Filipino. Gayundin sa mga ponemang /o/ at /u/ tulad ng **lullo** at **lollô**, at **onsad** at **unsad**, at ponemang /a/ at /o/ tulad ng mga salitang **matággas** at **motaggas**, **pánog** at **panag**, at **tanggás** at **tong-ngas** na malayang nagkakapalitan. Kapansin-pansin rin ang pagkakapalitan ng mga ponemang /b/ at /v/ tulad ng mga salitang **baboy** at **bavoy**, at **mabbaba** at **mabbava** at ng mga ponemang

**/g/** at **/h/** tulad ng salitang **magasa** at



senaryo ng pagkakaraho ng Giangan at Obo-Manobo ay hindi rin maipagtataka dahil matatandaang ang lugar ng Distrito ng Baguio sa Lungsod Davao ay dating teritoryo ng mga Giangan. Nagkakaroon ng *intermarriage* sa pagitan ng mga Obo-Manobo at Giangan at patunay dito ang pangalang Datu Baguio na isang Manuvu na ipinangalan sa lugar. Kahit na may distingsyon ang lugar ng mga Giangan sa Distrito ng Baguio ngunit hindi maikakaila na kasama nila sa komunidad ang mga Obo-Manobo. May kalayuan naman sa kanila ang lugar ng mga Tagabawa.

Sa klasipikasyon C naman ukol sa *pagkakaroon ng pagkakatulad ng mga terminong Tagabawa at Giangan ngunit kaiba naman sa Obo-Manobo*, makikita ang pagkakaraho ng paggamit ng mga dobleng letra tulad ng salitang *allang* at *tappe* na matutunghayan sa talahanayan sa ibaba ang iba pang halimbawa.

**Talahanayan 5.** Klapiasyon ng mga salitang may pagkakatulad ng mga terminong Tagabawa at Giangan ngunit kaiba naman sa Obo-Manobo

| Giangan | Tagabawa | Obo-Manobo  | Salin sa Filipino |
|---------|----------|-------------|-------------------|
| meppê   | pamippi  | laba        | laba              |
| momeng  | gáming   | Iluto       | Saing             |
| dato    | dato     | mayaman     | mayaman           |
| lallak  | rarak    | aukoy       | kaibigan          |
| ugang   | ogang    | anuhang     | byanan            |
| allang  | allang   | Pana-adsang | katulong          |
| tappe   | dappe    | kamping     | kakambal          |

Sadyang naiiba lang ang katumbas ng mga termino nito sa Obo-Manobo marahil ay sa kung paano nila ito ginamit sa kanilang kultura at komunidad kasama ang dalawa pang grupo. Kahit pa man malayo ang heyograpikong kinabibilangan ng mga Tagabawa at Giangan ngunit hindi pa rin maisasantabi na ang dalawang ito ay mga orihinal na tinatawag na grupong Bagobo kaya may mga salitang pareho pa ring

matatagpuan sa kanilang mga wika. Maaaring sabihing pinaghiwalay ng lugar sa bagong pamayanan ngunit maaring iisang lugar lamang ang kanilang pinanggalingan.

Napag-alaman din na may **pagkakatulad ng anyo at kahulugan ng mga terminong Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo**. Mapapansing nagkakaroon ito ng pagbabago ng mga ponema na maaaring nasa **palitan ng mga katinig, pagkakaltas at pagdaragdag ng ponema** na makikita ang mga halimbawang salita sa talahanayan sa ibaba.

**Talahanayan 6.** Klapikasyon ng mga salitang magkakatulad ng mga terminong Tagabawa at Giangan ngunit kaiba naman sa Obo-Manobo

| Giangan       | Tagabawa | Obo-Manobo | Salin sa Filipino |
|---------------|----------|------------|-------------------|
| malinanam     | mananam  | ananam     | <i>masarap</i>    |
| mássu5 21.8 r |          |            |                   |

Ang mga salitang tulad ng *hámmák* at *mamak* ay nagkakaroon ng pagbabago ng mga ponema bunsod ng **palitan ng mga katinig**. Gayundin ang mga salitang *ollo*, *pangolo*, *pangu*, *kasido*, at *karasido* na naging resulta ng **pagkakaltas** at **pagdaragdag ng ponema**. Ang ganitong senaryo ng pagbabagong leksikal sa tatlong wika ay nagiging natural lamang. Mapapansin na ang mga grupong Giangan ay mahilig sa pagpapaikli ng mga salita na maaaring sa huling bahagi ng pagbigkas, at marahil ay sanhi ng mabilisang pagbigkas. Maaaring nakasanayan na nila ito kapag nagsasalita lalo na at bulubunduking lugar din ang kinaroroonan nila. Mapapansin ring hindi

lamang nangyayari sa wikaing Giangan ang pagkakaltas at pagdaragdag kundi maging sa Tagabawa at Obo-Manobo rin. Malimit naman na nagdaragdag ng ponema ang wikaing Tagabawa tulad ng salitang *malomák, karasido, pangolo* at *karaboa*. Batay sa pag-aaral nina DuBois & DuBois (2006), ang ibang varayti ng wikaing Tagabawa lalo na sa bahagi ng Hilagang Cotabato ay nahihilig gumamit ng ponemang /r/ bilang pagdaragdag.

Gayundin ang wikaing Obo-Manobo nagkakaroon din ng ganitong pagbabago sa pagdaragdag at pagkakaltas. Madalas nangyayari sa wikaing Obo-Manobo ang pagkakaltas sa unang katinig tulad ng salitang *akaan* at *ananam* na nawala ang mga unang letra. Nagkakaroon din ng pagdaragdag gamit ang dalawang sunurang letra o *double phonological segments* tulad ng *ma-assom* at *kaavow*. May nagaganap din na **pagbabago ng pagpapahaba** gamit ang dobleng letra tulad ng **mallasám, mangngá** at **ma-assom** na ginagamitan ng hypen (-) bilang palatandaan ng glotal.

Sa kabuuan, ang varyasyong leksikal ng wikaing Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo batay sa heyograpikong dimensyon ay may mga sumusunod na pagkakakilanlan: 1) Halos magkakalapit lamang na varayti ang mga dayalekto o wikaing Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo. 2.) Nagkakaroon ng varyasyon sa termino at pagkakaiba ng baybay. Batay sa ginawang pagsusuri sa mga magkakaipareho at magkakaibang mga termino, nakita naman ang sumusunod na mga katangian: A) Nagkakaroon ng maraming terminong magkakaipareho ang mga Tagabawa at Obo-Manobo kaya maaaring isa ito sa basehan kung bakit kinokonsidera silang sub-group ng Bagobo kahit pa man napabilang ang sa pamilyang Manobo; B) Ang Giangan na kaparehong grupong Bagobo ng Tagabawa ay kakikitaan ng maraming kaibhan ang mga ito. Maaaring may kinalaman ang lokasyon ng kanilang komunidad kung saan nakakabuo sila ng mga kakaibang termino kaysa Tagabawa. Gayundin ang iba pang mga salik tulad ng *intermarriage* at kalakalan ay maaaring may malaking kinalaman sa pagbabago ng wika; at, 3) Kahit na magkakaibang grupo ang tatlo ay pinag-iisa pa rin sila bilang mga Bagobo ngunit hindi pa opisyal na iisang angkan ang pinanggalingan, marami pang dapat na pag-aaral ang isasagawa para rito. Sa kasalukuyan ang Obo-Manobo ay kinilala bilang isang subgroup pa rin ng Bagobo.



*CASS Langkit*



San Buenaventura M. (1985). *Ang Kaganapang Sikolohiyang Pilipino sa Pagsasakatutubo, Pagka-Agham at Pagka-Filipino. Ang Sikolohiyang Pilipino Isyu: Pananaw at Kaalaman*. National Bookstore. Maynila.

Sapir, E. (1949). *Selected Writings*. D. Mendelbaum (Ed). Berkeley: University of California Press.